# KAPASIYAHAN BLG. 2019-138

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF INFORMATION AND COMMUNICATIONS TECHNOLOGY (DICT) NA NAGLALAYONG MAKAPAGLAGAY SA MGA PAPUBLIKONG LUGAR NG LIBRENG *WIFI INTERNET ACCESS*."**

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**

**SAPAGKA'T**, ang kasunduang ito ay tumatalima sa Batas Republika Blg. 10929 na higit kilala bilang "Free Internet Access in Public Places Act", sa ilalim ng batas nakasaad na papayagan ang paglalagay ng libreng internet access sa mga pampublokng lugar;

**SAPAGKA'T**, ang libreng wifi internet access ay ilalagay sa mga piling pampublikong lugar sa Bustos gaya ng pampublikong paaralan, silid aklatan, ospital, Rural Health Units, Istasyon ng Pulis, State Universities and Colleges at mga pampublikong transportasyon;

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay napatunayang ang kasunduang ito ay makakapagpataas ng antas ng kaalaman sa teknolohiya gamit ang internet ngunit ang wifi internet access ay libre lamang ng isang oras kada araw.

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng mga dumalo sa pulong na ito;

**IPINASIYA**, gaya nang dito ay **IPINAPASIYA**, na bigyang pahintulot sa Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at lumagda sa isang *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng

pamahalaang bayan at Department of Information and Communications Technology (DICT) na naglalayong makapaglagay sa mga papublikong lugar ng libreng *wifi internet access.*

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica L. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-5 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim